**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
**ISSN: 2704-3010**
**Volume IV, Issue I**
**August 2022**
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
*******************************************************************************************************

# Bansa Ko Kay Tatag Mo!

ni: **ADORA C. ALIZAR**

O! Bansa ko kayrami mo nang pinagdaanan.
Noon hanggang ngayon at magpakialan man,
Pighati mo na ang lunas ay pagtitiis para sa kaluwalhatian,
Nang sangkatauhan saang sulok man nitong ating bayan.

Libo-libong taong nakaraan, at ika'y pinagpala,
Kaytagal mong pinangarap na ika'y lumaya,
Ngunit sinubok ka ng mapagbirong tadhana,
Dahil sa unos na dumating ika'y nanghina.

Malakas na hangin ika'y hinaplos nanginig buong katawan,
Ramdam ang panghihina ngunit ito'y sandal lamang,
Sapagkat malalim ang iyong pagtitiis lahat ay nakakayanan,
Pilit na tatayo upang lakas mo'y sa kanila mapatunanyan.

O! Pilipinas ang puso ko'y sa iyo nahuhumaling,
Humahanga sa taglay mong lakas kaysarap damhin,
Malusog mong pag-iisip lahat ay iyong inaangkin,
Kahirapan, kalungkutan, at hinagpis lahat ay kaya mong tiisin.

Sa likod ng unos dala nitong malagim na salot sa sanlibutan,
Na nagpasindak sa lahat ng sangkatauhan dito sa ating bayan,

*******************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
*******************************************************************************************************

**INSTABRIGHT e-GAZETTE**
ISSN: 2704-3010
Volume IV, Issue I
August 2022
*Available online at https://www.instabrightgazette.com*
****************************************************************************************************

Dulot nito'y takot sa isip ng ating mga kababayan,
Ngunit ang takot sa puso natin ay panandalian lamang.

Hamog sa umaga dala nito sa atin 'sang saplot na pag-asa,
Tanging sa Diyos lamang natin ito makukuha,
Pilipino likas sa iyo ang pagiging Makadiyos tuwina,
Kahit sa problema, sa Kanya kayo umaasa.

Nalugmok man sa hirap dala nitong delubyo at salot,
Pilit pa ring kinakayang mabuhay kahit dala nito'y kirot,
Sapagkat ika'y matatag walang bahid sa iyo ang takot,
Ganyan ang tatak Pinoy marunong mamaluktot.

Sapagkat ikaw ay Pilipinas na bansa ko at kay tatag mo!
Hindi tutumba kahit ano pa man ang mangyari sa iyo,
Dahil tayo'y mga Pilipino hindi aatras sa pandemya man o bagyo,
Hanggang ngayon maituturing natin na tayo pa rin ang lubos na panalo.

****************************************************************************************************
**Editorial Team**
**Editor-in-Chief**: Alvin B. Punongbayan
**Associate Editor**: Andro M. Bautista
**Managing Editor**: Raymart O. Basco
**Web Editor**: Nikko C. Panotes
**Manuscript Editors / Reviewers**:
Chin Wen Cong, Christopher DC. Francisco, Camille P. Alicaway, Pinky Jane A. Perez,
Mary Jane B. Custodio, Irene H. Andino, Mark-Jhon R. Prestoza, Keive O. Casimiro, Ma. Rhoda E. Panganiban
Rjay C. Calaguas, Mario A. Cudiamat, Jesson L. Hero, Albert Bulawat, Cris T. Zita, Allan M. Manaloto
****************************************************************************************************